NRCP RESEARCH JOURNAL

Full Paper

Pakikilahok ng Kabataan sa Komunikasyon ng Risk: Pagsusuri sa Facebook Posts ng Bulacan Youth for Disaster Risk Reduction and Management sa Panahon ng Matinding Init (Abril-Mayo 2024)

Youth Participation in Risk Communication: Analysis of Facebook Posts by the Bulacan Youth for Disaster Risk Reduction and Management During a Period of Extreme Heat (April-May 2024)

Jay Israel De Leon
De La Salle University

Noong Abril-Mayo 2024, nakaranas ang ilang bansa sa Asia ng matinding init na nagdulot ng mga pinsala sa agrikultura, pagkaantala ng mga trabaho at klase, mga sakit, at pagkamatay. Upang maibsan ang mga epekto ng mga panganib tulad nito, isang mahalagang gawain ang komunikasyon ng *risk* sa midya. Sa mga nagdaang taon, lubos na naging kapaki-pakinabang ang *social media* para sa pagpapalitan ng impormasyon sa pagitan ng mga *stakeholder* tuwing may *emergency* at sakuna. Nilalayon ng pag-aaral na ito na tasahin ang mga mensaheng ipinaskil ng Bulacan Youth for Disaster Risk Reduction and Management (BYDRRM) sa Facebook noong Abril-Mayo 2024 na may kinalaman sa matinding init. Nahahati ang diskusyon ng papel sa tatlong seksiyon: 1) mga uri ng mensaheng ipinamahagi ng BYDRRM, 2) ebalwasyon ng mga mensahe gamit ang rubrik na ibinatay sa modelong *conceptual* ng *emergency risk communication*, at 3) implikasyon ng pag-aaral sa mga gawaing pangkomunikasyon ng BYDRRM. Lumitaw sa pag-aaral na natamo ng BYDRRM ang lahat ng pamantayan ng rubrik, lalo na ang pagiging bukas/*transparent* at malinaw ng mga mensahe. Sa dulo, naglatag ang pag-aaral ng ilang rekomendasyon upang lalong mapaghusay ng BYDRRM at mga katulad nitong organisasyon ang komunikasyon ng *risk* sa *social media*.

* Corresponding author.
E-mail addresses: jayisraeldeleon@gmail.com (J. I. De Leon).

https://doi.org/10.63225/nrcp.rj.2026.0051
Received 19 March 2025; Received in revised form 12 June 2025; Accepted 5 September 2025
Available online 8 April 2026
2980-4728/ © 2026 NRCP Research Journal. All rights reserved.

This work is licensed under a Creative Commons, Attribution 4.0 International License.

Mga Susing Salita: komunikasyon ng risk; kabataan; Bulacan Youth for Disaster Risk Reduction and Management; matinding init; social media

In April-May 2024, some Asian countries experienced extreme heat that resulted in damage to agriculture, disruption of work and classes, illnesses, and deaths. In mitigating the effects of such hazards, effective risk communication is an important activity. In recent years, social media has been a convenient tool for information exchange among stakeholders during emergencies and disasters. The present study aims to assess the risk messages related to extreme heat posted by Bulacan Youth for Disaster Risk Reduction and Management (BYDRRM) on Facebook in April-May 2024. The discussion of the paper is divided into three sections: 1) types of messages disseminated by BYDRRM, 2) an evaluation of messages using a rubric based on the emergency risk communication conceptual model, and 3) the implications of the study to BYDRRM's communication activities. The study revealed that BYDRRM achieved all the criteria set by the rubric, most especially the openness/transparency and clarity of risk messages. In the end, the study laid out some recommendations on how BYDRRM and similar organizations can improve their risk communication on social media.

Keywords: risk communication; youth; Bulacan Youth for Disaster Risk Reduction and Management; extreme heat; social media

Introduksiyon

Noong Abril-Mayo 2024, nakaranas ang iba't ibang bahagi ng Asia ng panahon ng matinding init na nagdulot ng pinsala sa kalusugan at kabuhayan ng mga apektadong populasyon. Sa ulat ng United Nations Office for the Coordination of Humanitarian Affairs (UN OCHA, 2024), may mga rehiyon sa mga bansang India, Bangladesh, Thailand, Vietnam, at Pilipinas ang nakapagtala ng mapapanganib na lebel ng temperatura noong buwan ng Abril 2024. Nagdulot ito ng suspensiyon ng mga klase sa libo-libong paaralan, mga pinsala sa agrikultura, mga sakit, at maging pagkamatay. *Heatwave* ang madalas itawag sa ganitong penomenon, na pinapakahulugan ng World Meteorological Organization (WMO, 2020) bilang kapansin-pansin at di-pangkaraniwang pag-init ng panahon sa isang rehiyon na tumatagal ng ilang araw, kung saan ang mga kondisyong termal ay mas mataas sa inaasahang lebel o *threshold*. Gayunman, walang unibersal na pinagkakasunduang depinisyon at paraan ng pagsukat ng *heatwave*. Ang pagpapakahulugan sa *heatwave* ay depende sa mga lokal at kontekstuwal na salik (UN OCHA, 2024). Halimbawa, sa Pilipinas, bagaman malaganap ang paggamit ng katawagang *heatwave* sa midya, nilinaw ng Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) na ang naranasang init ng bansa sa buwan ng Abril 2024 ay hindi pa maituturing na *heatwave* (Rita, 2024). Sa kabila nito, nakapagtala ang PAGASA ng heat index sa iba't ibang bahagi ng bansa na umabot sa *danger level* (42-51 °C) at *extreme danger level* (52 °C pataas) noong Abril-Mayo 2024.[1]

Dahil sa mga epekto ng El Niño na isang natural na penomenon, pagtaas ng pandaigdigang temperatura, at pagbabago ng klimang bunsod ng mga gawaing pantao, mananatiling malaking banta ang di-pangkaraniwang init sa kasalukuyang siglo (UN OCHA, 2024). Kaya naman, mahalagang maipalaganap sa mga mamamayan ng mga bulnerableng bansa ang mga kaalaman at impormasyong kaugnay ng matinding init bilang bahagi ng mga gawaing pangmitigasyon upang maiwasan o maibsan ang mga potensiyal na panganib. Sa Pilipinas, tradisyonal na nagagamit para sa layuning ito ang mga midyang tulad ng pahayagan, radyo, at telebisyon. Ang malalaking organisasyong pangmidya sa bansa noong kasagsagan ng matinding init, halimbawa, ay tumulong sa diseminasyon ng mga teknikal na impormasyon, tulad ng depinisyon ng mga terminong *heat wave, heat index,* at *urban island heat effect,* mula sa mga opisyal na batis tulad ng PAGASA. Nagbahagi rin ang mga ito ng mga maaaring gawin upang maiwasan ang mga sakit na kaugnay ng init tulad ng *heat stroke*.